



Alalahanin Mo rin Naman ang Maylalang sa Iyo Leksyon 19

Sa Apocalipsis 14: 6-12 matatagpuan natin ang tatlong mga anghel na nagdadala ng taimtim na mga pabalita sa lahat ng mga tumatahan sa lupa. Ang una ay nagpapahayag na ang oras ng paghuhukom ng Diyos ay dumating na. (Tandaan, ang paghuhukom ay nagsimula sa pagtatapos ng “2300 mga araw” nang Daniel 8 at 9.) Ang ikalawang anghel ay nagbabalita sa pagbagsak ng makabagong espirital na Babilonia. At ang ikatlo ay nagbababala laban sa pagsamba sa hayop at sa kanyang larawan at sa pagtanggap ng kaniyang tanda.

Matapos na ang mga pabalita ay maihayag sa buong sanlibutan, “ang aanihin sa lupa” ay naani na (tingnan ang Apocalipsis 14: 15), at ang “pagaani ay ang katapusan ng sanglibutan.” Mateo 13: 39.

Ang pabalita ng tatlong mga anghel, samakatuwid, ay bumubuo sa huling panawagan ng Langit sa sangkatauhan ngayong huling mga araw ng kasaysayan ng daigdig. Kung magkagayon, nararapat lamang na bigyan ng buong pansin ng sinumang maghahanda ng kanilang mga sarili para sa mga huling pangyayari.

“At **ipangangaral** ang **evangeliong** ito ng kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa **lahat ng mga bansa**; at kung magkagayo'y darating ang wakas.” Mateo 24: 14

“At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may **mabuting balita** na walang hanggan upang **ibalita** sa mga nananahan sa lupa, at sa **bawa't bansa** at angkan at wika at bayan.” Apocalipsis 14: 6

1. Sang- ayon sa talata, sino ang hindi natin dapat sambahin?

Apocalipsis 14:9 _____

2. Sa anong tawag ang Isa na dapat nating sambahin kinilala?

Apocalipsis 14:7 _____

3. Sa anong saligan ipinapahayag ang Diyos bilang karapat-dapat na tumanggap ng kalualhatian, karangalan at kapangarihan?

Apocalipsis 4:11 _____

Saanman sa Biblia, ang katunayan na ang lahat ay nilikha ng Diyos ay nakalahad na nagbubukod sa Kanya mula sa ibang mga bulaang diyos, at ginagawa Siyang karapat-dapat sa ating pagsamba (1 Cronica 16: 25-26, Jeremias 10: 11-12; Isaias 45: 18).

Habang ang mga makabagong mga siyentista ay naangangahas na pabulaanan ang paglalang, ang unang anghel sa Apocalipsis 14 ay nagpapahayag ng pabalitang dinesenyong upang maka-akit ng pansin sa sanlibutan sa “gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig.”

4. Ang mga mananamba sa Diyos ay napagkilanlan sa pagtupad saan?

Apocalipsis 14:12 _____

5. Ano ang sinasabi ng mga utos ng Diyos tungkol sa paglalang?

Exodo 20:11 _____

Pansinin na ang anghel ng Apocalipsis 14: 7 ay gumagamit ng mga pananalita ng ika-apat na utos upang tumawag sa sanlibutan pabalik sa tunay na pagsamba sa Diyos.

6. Nang nayari na ang mga langit at lupa, at natapos na ang Diyos sa Kanyang gawa, ano ang ginawa Niya sa ika-pitong araw?

Genesis 2:1-2

7. Ano ang dalawang mga bagay na ginawa ng Diyos sa ika-pitong araw?

Genesis 2:3

Upang “pakabanalin” ay nangangahulugang: “Italaga para sa banal na paggamit; italaga. Upang gawing banal. Upang ingatan o igalang na may kabanalan.” The American Heritage Dictionary.

8. Bakit ginawa ng Diyos ang ika-pitong araw na natatangi?

Genesis 2:3

9. Nagpahinga ba ang Lumalang sapagkat Siya ay napagod?

Isaias 40:28

10. Para kaninong kapakinabangan Niya ginawa ang Sabbath?

Marcos 2:27

11. Ang Panginoon ay nagpahinga nang ika-pitong araw, binasbasan ito, at ano pang ibang ginawa dito?

Exodo 20:11

Upang “ipangilin” ay nangangahulugang: “Upang gawin o ibukod bilang banal.” The American Heritage Dictionary.

12. Dahil ginawa Niya itong banal, kailangan nating alalahanin na gumawa ng ano?

Exodo 20:8

Ang Pitong-Araw na Ikot ng Sanlinggo

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
Unang Araw	Ikalawa ng Araw	Ikatlong Araw	Ika-apat na Araw	Ika-limang Araw	Ika-anim na Araw	Ika-pitong Araw

Ang haba ng mga araw, mga buwan, mga panahon, at mga taon ay nababatid sa mga paggalaw ng daigdig at buwan sa kanyang ugnayan sa araw. Subalit ang pitong- araw na na pag-ikot ay hindi kilalang astronomikong sukat ng anumang uri. Ang kanyang paglitaw ay maipapaliwanag lamang ng katotohanang ang Diyos ang nagpahayag at nagtayo nito ng Kanyang likhain ang sanlibutan.

Pagkilala sa Biblical na Sabbath

Biyernes ng Pagkapako	Namahinga si Jesus sa libingan	Namahinga si Jesus sa libingan
<i>“ang araw na nauuna sa sabbath.” Marcos 15: 42</i>	<i>“At nang araw ng sabbath.” Lucas 23: 56</i>	<i>“At nang araw ng sabbath.” Lucas 23: 56</i>

13. Sa anong araw nasa Espiritu si Juan?

Apocalipsis 1:10 _____

14. Aling araw ang inaangkin ng Panginoon na Kanya?

Isaias 58:13 _____

15. Aling araw ang Sabbath ng Panginoon?

Exodo 20:10 _____

16. Kinilala ni Jesus ang Kanyang sarili bilang Panginoon ng ano?

Marcos 2:28 _____

17. Iningatan ba ni Jesus ang kautusan ng Kanyang Ama?

Juan 15:10 _____

18. Ipinangilin ba ni Jesus ang ika-pitong araw na Sabbath?

Lucas 4:16 _____

19. Siya na nagsasabing tumatahan sa Kanya ay dapat na lumakad paano?

1 Juan 2:6 _____

20. Ano ang itinakda ng Diyos bilang tanda ng ugnayan sa pagitan Niya at ng Kanyang bayan?

Ezekiel 20:20 _____

21. Ano ang kailangan upang maging ganap ang isang tipan?

Hebreo 9:16 _____

22. Sa panahon ng pagkamatay ni Jesus, mayroon pa bang utos tungkol sa Sabbath?

Lucas 23:56 _____

23. Kapag ang kasunduaan ay na pinatunayan na sa kamatayan ng nakipagtipan, anumang pagbabago ba ay maaring gawin pagkatapos ng panahong iyon?

Galacia 3:15 _____

24. Babaguhin ba ito ng Diyos mismo?

Awit 89:34 _____

25. Sino ang papasok sa mga pintuang iyon patungo sa Banal na Lungsod?

Apocalipsis 22:14 _____

26. Kabilang ba roon ang pagsunod sa utos tungkol sa Sabbath?

Santiago 2:10 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

- O** Nauunawaan kong ang Apocalipsis 14 ay naglalaman ng huling- araw na pabalita para sa buong sanlibutan.
- O** Nauunawaan kong ang Sabbath ay ginawa para sa tao sa paglalang ng sanlibutan.
- O** Nauunawaan kong ang Sabbath ng Panginoon ay ang ika-pitong araw ng sanlinggo, Sabado.
- O** Pinili kong ingatang banal ang araw na ginawang banal ng Diyos.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Ang Kautusan ng Diyos ay Nananatiling Hindi Nagbabago*